



facebook.com/VAemergency



@VDEM



VAemergency.gov



GUMAWA NG PLANO



BUMUO NG KIT



MAGKAROON NG KAALAMAN



ANG AKING PANG-EMER- HENSYANG PLANO



**PARTNERS IN
PREPAREDNESS**

A program of VDEM



ANG AKING IMPORMASYON

Pangalan:

Address:

Telepono sa Araw:

Telepono sa Gabi:

Cell Phone:

Email:

May tatlong pangunahing hakbang sa pagiging handa para sa anumang emerhensya:



GUMAWA NG PLANO



BUMUO NG KIT



MAGKAROON NG KAALAMAN

Pag-isipan kung paano maaaring makaapekto sa iyo ang mga emerhensya.



Ang mga emerhensya ay maaaring mula sa pagkahulog sa tahanan hanggang sa mga sunog sa bahay hanggang sa mga bagyo. Gamitin ang gabay na ito ngayon upang ilista kung ano ang maaaring kailanganin mo sa panahon ng emerhensya.

Mangyaring punan ang mga seksyon na naaangkop sa iyo at sa mga pangangailangan ng iyong pamilya. Maaari mo itong i-print, o i-save ang file sa iyong computer.

Bisitahin ang VAemergency.gov upang ma-access ang mga karagdagang materyales para sa paghahanda sa emerhensya.



GUMAWANG GUMAWA NG NETWORK NG SUPORTA SA EMERHENSYA PLANO



Huwag magdaan sa isang emerhensya nang mag-isa. Hilingin sa hindi bababa sa dalawang tao na makabilang sa iyong network ng suporta sa emerhensya – mga kapamilya, kaibigan, kapitbahay, tagapag-alaga, katrabaho, o miyembro ng mga grupo ng komunidad. Tandaan, maaari kayong magtulungan at aliwin ang isa't isa sa panahon ng mga emerhensya.

Ang inyong network ay dapat:

- » Manatiling nakikipag-ugnayan sa panahon ng emerhensya.
- » Alam kung saan mahahanap ang iyong mga pang-emerhensyang panustos.
- » Alam kung paano gamitin ang iyong medikal na equipment o matulungan kang mailipat sa ligtas na lugar sa isang emerhensya.

Mga kontak sa network ng pang-emerhensyang suporta:

Pangalan/Relasyon:	<input type="text"/>
Telepono (tahanan/trabaho/cell):	<input type="text"/>
Email:	<input type="text"/>
Pangalan/Relasyon:	<input type="text"/>
Telepono (tahanan/trabaho/cell):	<input type="text"/>
Email:	<input type="text"/>


Pumili ng kaibigan o kamag-anak na nasa ibang lugar na maaaring tawagan ng pamilya o mga kaibigan sa panahon ng sakuna. Kung hindi matawagan ang mga lokal na linya ng telepono, maaaring mas madaling gawin ang mga long-distance na tawag. Ang kontak na ito na nasa ibang lugar ay makakatulong sa iyong makipag-ugnayan sa mga nasa network mo.

Kontak na nasa ibang lugar:

Pangalan/Relasyon:	<input type="text"/>
Telepono (tahanan/trabaho/cell):	<input type="text"/>
Email:	<input type="text"/>



IMPORMASYON SA KALUSUGAN AT MEDIKAL



Gumawa ng plano na pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan. Makipag-usap sa iyong (mga) doktor, parmasyutiko, at iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga partikular na pangangailangan at kung paano tugunan ang mga ito sa panahon ng emerhensya,

Gumawa ng photocopy ng iyong mga konta sa emerhensya, impormasyon sa kalusugan, at vaccine card. Itago ito sa iyong pitaka o purse sa lahat ng oras.

Mahalagang impormasyon sa kalusugan at pagliligtas ng buhay:

Mga Allergy:	
Iba pang medikal na kondisyon:	
Mahalagang gamot at pang-araw-araw na dosis:	
Prescription ng salamin sa mata:	
Blood type:	
Mga kagamitan sa komunikasyon:	
Equipment:	
Plano ng segurong pangkalusugan:	
Gustong ospital:	
Indibidwal/Grupo #:	
Doktor/Espesyalista:	
Telepono:	
Doktor/Espesyalista:	
Telepono:	
Parmasya:	
Address:	
Lungsod:	
Telepono:	




GUMAWANG GUMAWA PLANO NG PLANO (PATULOY)



Ang mga emerhensya sa pampublikong kalusugan ay maaaring mula sa matinding init hanggang sa mga paglaganap ng sakit. Ang mga panganib na ito ay maaaring makaapekto sa lahat. Kung sakaling magkaroon ng emerhensya sa kalusugan:

- » Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.
- » Kung malala o lumalala ang iyong mga sintomas, magpunta kaagad sa emergency room ng isang ospital o tumawag sa 911.
- » Madalas maghugas ng kamay gamit ang sabon o alcohol-based cleaner.
- » Tutukan ang mga anunsyo ng opisyal ng kalusugan sa mga istasyon ng lokal na TV at radyo.
- » Sa panahon ng matinding init, maraming lugar ang magbubukas ng cooling center. Tingnan kung mayroon sa inyong lugar na malapit sa iyo at alamin ang mga oras.



Para sa karagdagang impormasyon sa mga paraan upang manatiling malusog at ligtas, bisitahin ang Virginia Department of Health sa www.VDH.virginia.gov. Makakahanap ka ng mga mapagkukunan para sa kalusugang pangkaisipan at marami pang iba sa dss.virginia.gov. Mag-ulat ng emerhensya sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.




MAKIPAG-USAP

Isama ang komunikasyon sa iyong plano.

Maglaan ng oras ngayon upang magplano kung paano ka makikipag-usap sa mga kaibigan o mga pang-emerhensyang manggagawa sa isang emerhensya. Sa panahon ng isang emerhensya, ang iyong normal na paraan ng pakikipag-usap ay maaaring maapektuhan ng mga pagbabago sa kapaligiran, ingay, pagkagambala sa serbisyo, o pagkalito. Dapat kassama sa iyong planong pang-emerhensya ang iba't ibang paraan na maaari kang makipag-usap sa iba.



- » Kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinig, magsanay sa mga alternatibong paraan upang ipaalam ang iyong mga pangangailangan, tulad ng sa pamamagitan ng mga galaw, note card, text message, atbp.
- » Kung ikaw ay bulag o mahina ang paningin, maging handa na ipaliwanag sa iba kung paano pinakamahusay kang gabayan.



MAKIPAG-USAP SA IBA

Isulat ang mga maikling parirala na makakatulong sa iyo sa isang emerhensya. Ang mga paunang isinulat na card o mga text message ay maaaring makatulong sa iyo na magbahagi ng impormasyon sa iyong network ng suporta o mga tagatugon sa emerhensya sa panahon ng isang mabigat o hindi komportableng sitwasyon. Maaaring wala kang masyadong oras upang maiparating ang iyong mensahe. Maaaring kabilang sa mga parirala ang:

- » Tila nahihirapan akong intindihin ang sinasabi mo sa akin. Mangyaring magsalita nang dahan-dahan at gumamit ng simpleng wika o mga litrato.
- » Gumagamit ako ng device para makipag-usap.
- » Ako ay Bingi at gumagamit ng American Sign Language.
- » Mangyaring isulat ang mga direksyon.
- » Nagsasalita ako ng [insert language below].



Ang mga parirala na isusulat mo nang maaga ay dapat na naaangkop sa mga emerhensya sa loob at labas ng iyong tahanan. Siguraduhing lagi itong nasa iyo sa lahat ng oras. Kung nahihirapan ka, humingi ng tulong sa pamilya, kaibigan, o tagapag-alaga.

Nasa ibaba ang espasyo para magsulat ka ng iyong sariling mga parirala:



GUMAWANG ALAMIN KUNG PAPAANO PLANO LUMIKAS

MGA LUGAR NA PAGKIKITAAN

Alamin kung saan kayo magkikita ng pamilya, kaibigan, o tagapag-alaga pagkatapos ng isang emerhensya. Pumili ng dalawang lugar kung saan magkikita: isa sa labas mismo ng iyong tahanan at isa pa sa labas ng inyong kapitbahayan, tulad ng isang silid-aklatan, community center, o lugar ng pagsamba.

Ugaliing alamin ang mga labasan tuwing ikaw ay nasa isang bagong lokasyon (hal., shopping mall, restawran, sinehan).

Lugar kung saan magkikita malapit sa bahay:

Address:

Lugar kung saan magkikita sa labas ng kapitbahayan:

Address:

Lokal na presinto ng pulisya:

Telepono at address:

- » Lumikas kaagad kung nasa panganib ang iyong buhay.
- » Lumikas kaagad kung nakaamoy ka ng gas, o nakakita ng usok o sunog.
- » Tumawag sa 911 kung kailangan mo ng tulong sa emerhensya.
- » Tandaan na tumutok sa mga lokal na istasyon ng radyo at TV para sa pinakabagong impormasyon sa emerhensya.





ALAMIN KUNG SAAN KA TUTULUY

Magtanong sa mga kaibigan o kamag-anak sa labas ng iyong lugar kung maaari kang makituloy sa kanila. Kung ito ay hindi isang opsyon, gumawa ng iba pang mga pagsasaayos upang tumuloy sa ibang lokasyon, tulad ng isang hotel o isang evacuation center.

Maaari akong makituloy kay:

Pangalan/Relasyon:	
Address:	
Telepono (tahanan/trabaho/cell):	
Email:	
Pangalan/Relasyon:	
Address:	
Telepono (tahanan/trabaho/cell):	
Email:	

Ugaliing lumikas nang regular kasama ng mga miyembro ng iyong sambahayan (kabilang ang inyong mga alagang hayop at pang-serbisyong hayop) at isalang-alang ang iba't ibang sitwasyon na maaari ninyong harapin, tulad ng mga nakaharang na daanan o labasan.





GUMAWANG ALAMIN KUNG PAANO PLANO LUMIKAS (IPINAGPAPATULOY)

TRANSPORTASYON

Maging handa na gumawa ng iba pang mga plano sa transportasyon kung ang iyong sasakyan, bus, shuttle, o iba pang mga paraan ng transportasyon ay hindi tumatakbo.

Alternatibong Bus:	
Iba pa:	
Tatawagan ko si (pamilya):	
Telepono (bahay/cell):	
Tatawagan ko si (kaibigan):	
Telepono (bahay/cell):	

Tandaan: kung kailangan mong lumikas mula sa iyong tahanan sa panahon ng emerhensya at kailangan mo ng tulong, mangyaring tumawag sa 911.

Sa panahon ng isang bagyo sa baybayin o unos, maaaring magbigay ng evacuation order para sa mga nakatira sa mga lugar na nililikas kapag may bagyo. Alamin kung nakatira ka sa isang lugar na nililikas kapag may bagyo sa pamamagitan ng pagbisita sa knowyourzoneVA.org.

Kung ikaw ay inutusang lumikas, umalis ayon sa ipinag-uutos. Magbigay ng karagdagang oras sa paglalakbay at isalang-alang ang iyong mga pangangailangan. Maaaring humiling ng tulong sa transportasyon ang mga taong may kapansanan o iba pang pangangailangan sa pag-access o pagkilos na walang ibang opsyon para makalikas nang ligtas, sa pamamagitan ng pag-dial sa 2-1-1, o pagbisita sa 211virginia.org. Para sa mga bingi o hirap makadinig, i-dial ang 7-1-1 para sa Virginia Relay, at pagkatapos ay 1-800-230-6977 para sa TTY. Depende sa iyong pangangailangan, dadalhin ka sa:

- » Isang naa-access na evacuation center sa isang naa-access na sasakyan,O
- » Isang ospital sa labas ng evacuation zone sa pamamagitan ng ambulansya



Hindi ka makakahiling ng transportasyon papunta sa isang partikular na address.

Lumikas nang mas maaga kung umaasa ka sa mga elevator para makalabas sa iyong gusali. Maaaring hindi gumagana ang mga elevator at maaaring hindi available sa lahat ng oras.

Nakatira ako sa zone:

Nagtatrabaho ako sa zone:

SHELTERING



Kung dahil sa isang emerhensya ay kailangan mong lumikas o hindi ka maaaring manatili sa iyong bahay, pag-isipang manatili sa isang hotel, bahay ng kaibigan o kamag-anak, o isang shelter.

Maaaring magtayo ng mga emergency shelter sa mga paaralan, gusali ng lungsod, at mga lugar ng pagsamba. Ang mga shelter ay nagbibigay ng pangunahing pagkain, tubig, at mga panustos. Maging handa na magdala ng mga bagay na maaaring kailanganin mo, kabilang ang mga espesyal na kagamitan (hal., oxygen, mga mobility aid, baterya, atbp.).



Kung ikaw ay may-ari ng alagang hayop, ilagay ang iyong alagang hayop sa isang nadadalang kulungan o kasama ng mga kaibigan o kamag-anak sa labas ng evacuation area. Kung hindi mo magawa ito, pinapayagan ang mga alagang hayop sa ilang mga shelter, ngunit tiyakin nang maaga. Mangyaring magdala ng mga panustos upang pangalagaan ang iyong alagang hayop, kabilang ang pagkain, mga tali, carrier, at gamot. Magdala ng mga panustos para panglinis ng ihi at dumi ng iyong hayop. Mga legal na alaga lamang ang pahihintulutan. Ang mga service animal ay palaging pinapayagan.



Ang mga shelter ay maaaring magbago depende sa emerhensya. Upang makahanap ng shelter na malapit sa iyo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapamahala sa emerhensya.




BUMUO NG KIT

MAG-PACK NG EMERGENCY KIT



Ang pagiging handa ay maaaring magdulot ng pagkakaiba sa kahihinatnan sa isang sakuna.

Ang commonwealth ay hindi na bago sa mga sakuna. Mula sa mga natural na sakuna tulad ng matitinding bagyo, buhawi, baha, unos, tropikal na bagyo, init, tagtuyot, at wildfire, hanggang sa mga sakuna na gawa ng tao tulad ng pag-atake ng mga terorista, aktibong shooter, cyberattack, at higit pa. Ilan lamang ito sa mga bagay na maaari nating paghandaan.



Depende sa kalubhaan ng sakuna at iyong heyograpikong lokasyon, maaaring tumagal ng ilang araw o linggo bago makarating sa iyo at sa iyong pamilya ang mga serbisyo at tulong ng pamahalaan. Kaya naman napakahalaga na maging handa para sa maraming uri ng emerhensya.

Ang unang hakbang ay ang paggawa ng isang emergency kit. Kapag gumagawa ng iyong emergency kit, isalang-alang ang mga nasa iyong sambahayan na may mga espesyal na pangangailangan (hal., mga sanggol at maliliit na bata, mga alagang hayop, mga matatanda, mga umaasa sa mga kagamitang medikal o mga iniresetang gamot, mga may pangangailangan sa access at pagkilos). Gumawa ng isang kit na isinasaisip ang lahat, at tiyaking gamitin at palitan ang mga bagay na nasisira nang hindi bababa sa ilang beses sa isang taon.




Ang paggawa ng emergency supply kit ay hindi kailangang maging mahal. Suriin kung ano ang mayroon ka na sa iyong bahay, at magdagdag ng ilang mga item bawat linggo o buwan. Maraming mahahalagang bagay ang makikita sa mga dollar store, o iba pang mga discount store.

Karamihan sa mga bagay sa paghahanda sa emerhensya ay kwalipikado sa tax-free weekend ng Virginia na ginaganap taun-taon sa Agosto. Ang 3-araw na holiday sa buwis sa pagbebenta ay magsisimula sa unang Biyernes ng Agosto nang 12:01am at magtatapos sa susunod na Linggo nang 11:59pm.



PAGKAIN + MGA PANUSTOS

- Hindi bababa sa 3-araw na panustos na tubig at hindi nasisirang mga pagkain bawat tao
- Angkop sa panahon na mga pananamit



- Pagkain at panustos ng alagang hayop

MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

- Mga gamot para sa hindi bababa sa isang linggo at mga kopya ng mga reseta
- Mga kagamitang medikal, pantulong na teknolohiya at pang-backup na mga baterya




- First aid kit at antibiotic na ointment

- Sunblock



MGA TOOL + MGA BAGAY NA PANGKALIGTASAN

- Flashlight at mga baterya
- Pang-charge ng mga kagamitan
- Crank o battery-operated na radyo



PAMPROTEKSYON NA MGA GAMIT + DAMIT

- Ekstrang makapal na damit
- Matibay na sapatos
- Mga kumot o sleeping bag

MGA EMERHENSYANG PONDO

- Ang mga pondong pang-emerhensyang salapi ay dapat na kayang suportahan ang iyong pamilya nang hindi bababa sa ilang araw. Medyo matagal ang tulong at mga mapagkukunan mula sa gobyerno.

- Magplano ng pondo na pambayad ng gasolina, kuwartong paupahan at pagkain pati na rin ang mga gastos sa tutuluyan ng mga alagang-hayop kung hihilingin sa inyong lumikas.


- Huwag umasa sa mga credit card o debit card dahil maaaring masira ang mga kritikal na network gaya ng internet o elektrikal na imprastruktura. Tiyaking mag-withdraw ng maraming pera bago dumating ang bagyo.





BUMUO NG KIT

MAG-PACK NG EMERGENCY KIT (IPINAGPAPATULOY)



KRITIKAL NA KINAKAILANGAN NA PAPELES

Bago ang isang bagyo o paglikas, tipunin at itago ang iyong mga kritikal na kinakailangang papeles sa isang storage bag o lalagyan na hindi nababasa. Ang pag-store ng password-protected na backup ng iyong mga rekord sa isang virtual cloud service ay Inirerekomenda rin

- Lisensya sa pagmamaneho at mga pasaporte
- Rehistro ng sasakyan at katibayan ng seguro
- Mga medikal na rekord at rekord ng pagbabakuna
- Mga label ng de-resetang gamot
- Mga sertipiko ng kapanganakan at mga social security card
- Mga sertipiko ng kasal
- Katibayan ng paninirahan
- Mga rekord ng buwis sa negosyo at personal
- Mga will
- Imbentaryo ng sambahayan (larawan o video)


MGA BAGAY PANGKAGINHAWAHAN + WALANG KASINGHALAGA

Maaaring malayo ka sa iyong tahanan sa loob ng mahabang panahon at maaaring masira ang iyong ari-arian. Kunin ang anumang bagay na hindi mapapalitan o maaaring magbigay ng kaginhawahan sa iyong pamilya, lalo na sa mga bata.

- Mga libro, palaisipan at paboritong stuffed toy
- Mga photo album
- Mga mahalalagang bagay at alahas

MGA SANGGOL + MGA BATA

- Mga diaper at pamunas
- Formula
- Mga bote
- Breast pump, kung gumagamit
- mga pambata na gamot, cream, atbp.
- Nasa garapon at/o pouch na pagkain ng sanggol
- Mga item para sa ligtas na pagtulog, tulad ng isang portable crib



PET-FRIENDLY NA CHECKLIST

- ID tag sa mga kuwelyo at micro-chip na alagang hayop
- Paglalarawan at kasalukuyang larawan ng mga alagang hayop
- Pagbabakuna at mga medikal na rekord
- 1.5 na galon ng tubig at sapat na pagkain at gamot para sa hindi bababa sa 3 araw bawat alagang hayop

- Gamot para sa alagang hayop, kopya ng pagpapakain at iskedyul ng gamot para sa tagapag-alaga, kawani sa shelter o tuluyan
- Mga serving bowl
- Collar, tali at carrier para ligtas na maibyahe ang alagang hayop
- Mga laruan ng alagang hayop at higaan

Iba pang mga bagay na kailangan ng aking pamilya:




BUMUO NG KIT

MAG-PACK NG EMERGENCY KIT(IPINAGPATULUY)

MGA ESPESYAL NA KONSIDERASYON

- » Pag-isipang magdagdag ng mga item sa iyong mga pang-emerhensyang panustos na pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan, kabilang ang mga pangangailangan sa diyeta at medikal.
- » Kung umaasa ka sa mga de-kuryenteng kagamitang medikal, makipag-ugnayan sa kumpanya na nagsu-suplay ng iyong medikal na kagamitan para sa impormasyon tungkol sa isang back-up na pinagmumulan ng power.
- » Kung umaasa ka sa power para sa life-sustaining equipment, tanungin ang iyong utility company kung ang iyong electric-powered na medikal na kagamitan ay nagkakwalipika sa iyo na mailista bilang customer ng life-sustaining equipment. Habang ang pagpaparehistro ay isang mahalagang hakbang, dapat ay mayroon kang back-up na pinagmumulan ng power, tulad ng baterya o tangke ng oxygen na hindi nangangailangan ng kuryente.



- » Kung umaasa ka sa oxygen, kausapin ang iyong supplier ng oxygen tungkol sa mga emerhensyang pamalit.
- » Kung tumatanggap ka ng mga kritikal na paggamot, tulad ng dialysis o chemotherapy, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa kung paano mo patuloy na matatanggap ang mga paggamot na ito sa panahon ng emerhensya.



**KAPAG NAPUNAN MO NA ANG GABAY NA ITO,
IKAW AY ISANG HANDANG TAGA-VIRGINIA!
BINABATI KA NAMIN!**



**PARTNERS IN
PREPAREDNESS**

A program of VDEM



Gamitin ang pahinang ito para sa karagdagang impormasyong makakatulong sa iyong pamilya sa panahon ng emerhensya.



MAGKAROON NG KAALAMAN

MGA MAPAGKUKUNAN SA VIRGINIA

Maliban kung may ibang binanggit, tumawag sa 2-1-1 (1-800-230-6977) o i-dial ang 7-1-1 para sa Virginia Relay at pagkatapos ay 1-800-230-6977 para sa TTY. Maaari mo ring bisitahin ang 211virginia.org upang mahanap ang isang buong listahan ng mga mapagkukunan na available. Gamitin ang virginia.gov/agencies para maghanap ng buong listahan ng mga ahensya ng gobyerno.

Kagawaran na Namamahala sa Emerhensya

www.VAemergency.govwww.VAemergency.gov

Hurricane Evacuation Zone Finder

www.VAemergency.gov/know-your-zone/

Lupon sa Virginia para sa mga Taong may Kapansanan

www.vaboard.org

Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pangrehabilitasyon

www.vadars.org

Kagawaran para sa mga Bulag at May Kapansanan sa Paningin

www.vdbvi.org

Kagawaran para sa mga Bingi at Hirap Makadinig

www.vddhh.org

Kagawaran ng Kalusugan

www.vdh.virginia.gov

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pag-unlad

www.dbhds.virginia.gov

Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad

www.dhcd.virginia.gov

Virginia Housing

www.virginiahousing.com



**Kagawaran ng Mga
Serbisyo sa Tulong Medikal**
www.dmas.virginia.gov

**Kagawaran ng Serbisyong
Panlipunan**
www.dss.virginia.gov

Kagawaran ng Transportasyon
www.virginiadot.org

**Tanggapan ng mga
Serbisyong Pambata**
www.csa.virginia.gov

Tanggapan ng Gobernador
www.governor.virginia.gov

**Komisyon sa
Pagtatrabaho sa Virginia**
www.vec.virginia.gov

MAGKAROON NG KAALAMAN

**Kagawaran ng Virginia na
Namamahala sa Emerhensya
sa Facebook at Twitter**
[www.facebook.com/
VAemergency](http://www.facebook.com/VAemergency)
www.twitter.com/vdem

**Kagawaran ng Transportasyon
sa Facebook at Twitter**
[www.facebook.com/
VirginiaDOT](http://www.facebook.com/VirginiaDOT)
www.twitter.com/VaDOT

**Pambansang Programa
ng Seguro sa Baha**
www.floodsmart.gov

**Pambansang Center para
sa Bagyo**
www.nhc.noaa.gov

**Pambansang Serbisyo
sa Panahon (National
Weather Service)**
www.weather.gov

**Centers for Disease
Control and Prevention
(CDC)**
www.cdc.gov

**Kagawaran ng Virginia
para sa Konserbasyon at
Libangan-Kaligtasan sa
Dam at mga Floodplain**
[www.dcr.virginia.gov/
dam-safety-and-
floodplains/](http://www.dcr.virginia.gov/dam-safety-and-floodplains/)

**Sistema ng Impormasyon
sa Panganib sa Baha ng
Virginia**
[www.dcr.virginia.gov/
dam-safety-and-
floodplains/fpvfris](http://www.dcr.virginia.gov/dam-safety-and-floodplains/fpvfris)



www.VAemergency.gov



**PARTNERS IN
PREPAREDNESS**

A program of VDEM

